
Filipino

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

Roll up for WA

COVID-19 Vaccination

# Alamin ang katotohanan tungkol sa mga bakuna




Normal lang na magtanong tungkol sa mga bagong bagay. Alamin kung ano ang totoo at kung ano ang hindi tungkol sa mga bakunang COVID-19. Sama-sama nating pataasin ang kumpiyansa sa bakuna dahil bawat isang mababakunahan ay tutulong sa ating malampasan ang pandemya.

## KATOTOHANAN

**Ang mga bakuna ay ligtas**

Maraming tao sa buong mundo ang nagtulungan upang lumikha ng mga bakuna laban sa COVID-19, nag-ambag ng salapi upang matapos ito ng mga siyentista sa ilang buwan lamang, nang walang nakakaligtaang anumang hakbang. Pinapayagan lamang ang mga bakuna sa Australya pagkatapos itong masubukan at mapatunayang ligtas at epektibo. Lahat ng mga bakuna ay patuloy na sinusuri ang kalidad at sinusubaybayan para sa kaligtasan.

**Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay walang taglay na buhay na virus at hindi ka bibigyan ng COVID-19**

Ang mga bakuna ay nagpapanggap na tunay na virus at itinuturo sa iyong katawan kung paano nito ipagtatanggol ang sarili. Makakatulong ito na pigilan ang iyong pagkakasakit nang malubha at pagpunta sa ospital o maging ang iyong pagkamatay.

**Ang isang microchip ay hindi magkakasya sa loob ng karayom ng bakuna**

Ang haka-hakang ito ay batay sa isang pekeng video na ipinamamahagi sa social media.

## HAKA-HAKA

- Masyadong mabilis naaprubahan ang mga bakuna laban sa COVID-19 para maging ligtas.
- Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring magbigay sa iyo ng COVID-19.
- Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay naglalaman ng isang microchip upang subaybayan ako.

# Alamin ang katotohanan tungkol sa mga bakuna

## KATOTOHANAN

**Libre ang mga bakuna para sa bawat tao sa WA**

Kabilang dito ang mga pansamantalang residente, refugee, migrante at taong walang balidong mga visa.

**Alam namin ang bawat sangkap na nasa mga bakuna**

Ang mga bakuna ay halos tubig, na may asin, asukal at taba. Walang graphene oxide, gluten, itlog, trigo, kamandag ng bubuyog, latex o mga produktong hayop sa mga bakuna. Itinataguyod ng Australian Fatwa Council ang mga bakuna bilang Halal.

**Maaari kang magpabakuna laban sa COVID-19 kahit na wala kang Medicare**

Kakailanganin mong patunayan ang iyong pagkakakilanlan sa iyong appointment, kaya't magdala ng isang dokumento na may pangalan mo, gaya ng lisensya sa pagmamaneho, sulat o bayarin.

**Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay hindi ka gagawing magnetiko - saanman sa iyong katawan**

Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay walang taglay na magnetikong mga sangkap na gagawa nito. Kailangan mo ng maraming metal upang makaakit ng isang magnet. Halimbawa, ang mga tao ay umiinom ng multi-bitamina na kadalasang may iron. Hindi sila nito ginagawang magnetiko dahil ang mga ito ay lubusang tinunaw at pinakalat sa iyong katawan.

**Ang mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi nakakaapekto sa pertilidad (fertility)**

Ang mga bakuna ay hindi nakakaapekto sa iyong kakayahang mag-anak ngayon, o sa hinaharap. Mahigpit ding inirerekomenda na magpabakuna ang mga buntis laban sa COVID-19 upang maprotektahan ang kanilang sarili at ang kanilang sanggol.

## HAKA-HAKA

- Mahal ang magpabakuna laban sa COVID-19.
- Hindi namin alam kung ano ang nilalaman ng mga bakunang ito.
- Kailangan mo ng aktibong card ng Medicare para mabakunahan laban sa COVID-19.
- Magagawang kumapit ng magnet sa iyong braso dahil sa mga bakuna laban sa COVID-19.
- Ang mga bakuna laban sa COVID 19 ay nakakaapekto sa pertilidad.

**Magrehistro at i-book ang iyong pagpapabakuna laban sa COVID-19**

rollupforwa.com.au

13COVID
(13 26843)

Pindutin ang * para sa interpreter